

**BE SAFE
CHICAGO** ★★



**Maging Ligtas.
Mga Venue para sa
Pagtatanghal**

Maging Ligas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Ano ang nasa gabay na ito?



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Nangangailangan ang maingat na pagbubukas ng Chicago ng:

Mga mabubuting pakikisalamuha

Pagdistansya sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na pagdistansya sa iba pang tao

Laki ng pagtitipon



Mga limitasyon sa mga pagtitipon ng mga indibidwal

Pamprotektang kagamitan



Paggamit ng pamprotektang kagamitan ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghuhugas ng kamay)

Mga ligas na pagdistansya at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon ng pasukan/labasan papunta sa lugar

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga pag-aksyon upang disimpektahin ang lugar

Nakikitang patnubay



Mga masasanggungan para sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagtatasa sa dami ng taong pumapasok sa lugar, bentilasyon, atbp.

Matatag na mga operasyon at pagsubaybay

Mga flexible na modelo



Flexibility sa sick leave at remote na pagtatrabaho (kapag maaari)

Katatagan ng mga operasyon



Suporta para sa flexibility ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa paggalaw ng mga tao sa pagitan ng mga lokasyon

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

-Inirerekomendang patnubay-


BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Larawang halimbawa



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Ano ang maaaring maging kaibahan?

1. Ilatas sa mga dadalo/empleyado na magsuot ng **mga pantakip sa mukha sa tuwina, maliban kung kumakain/umiinom habang nakaupo**
2. **Magkakalayo ang mga hanay o mga upuan** sa pagitan ng mga grupo upang bigyang-daan ang pagdistansya sa kapwa
3. **May sapat na distansya sa pagitan ng mga grupo** ang mga upuan ng mga miyembro ng parehong sambahayan para sa pagdistansya sa kapwa
4. **Mga nakikitang palatandaan** na nakapaskil sa mga pasilidad tungkol sa kalinisan sa katawan, pagdistansya sa kapwa, wastong PPE at higit pa
5. **Hindi kinakailangang magsuot ng mga pantakip sa mukha ang mga cast/magtatanghal na nasa stage**, ngunit inaasahang magsuot ang mga ito ng PPE sa lahat ng common area sa backstage

-Inirerekomandang patnubay-

Maging Ligas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Tiyakin ang >6 na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal

- Tiyakin na sumusunod sa tuwina ang mga dumadalo sa 6 na talampakang pagdistansya sa kapwa; payagan ang 3 talampakan na distansya sa pagitan ng mga nakaupong indibidwal kung may nakalagay na pisikal na harang
- Paupuin nang magkasama ang mga miyembro ng parehong sambahayan; dapat manatili ang mga bata kasama ang kanilang mga magulang/tagapag-alaga sa lahat ng oras
- Ang mga lugar kung saan pumipila ang mga tao ay dapat na malinaw na markahan para ipakita ang 6 na talampakang distansya (hal., mga pasukan)
- Hikayatin ang mga hindi nalalampasang harang kapag hindi maaari ang pagdistansya sa kapwa nang 6 na talampakan, lalo sa mga makikitid na daanan (hal., mga pasukan)
- Tiyaking hindi bababa sa 10 talampakang man lang ang layo ng entablado o iba pang itinalagang lugar para sa mga magtatanghal (hal., mga dancer, singer, band) mula sa mga manonood
- Kung praktikal, magtalaga ng tauhan na nakatuon sa pagpapatupad ng pagdistansya sa kapwa para sa lahat ng palabas (inirerekomenda ang isang usher/tauhan para sa bawat 10 dadalo)

-Inirerekomandang patnubay-

Maging Ligas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Ilimita sa 40% ang kapasidad ng mauupuan at ilimita sa 50 indibidwal ang mga pagtitipon

- Ilimita ang bawat panloob na espasyo/kuwartero (hal., isang teatro) nang hindi hihigit sa
 - 50 indibidwal, habang isinasagawa ang pagdistansya sa kapwa, o
 - 40% kapasidad (alinman man ang mas mababa)
- Kung mananatiling hindi gumagalaw ang malalaking grupo (hal., nakaupo lamang sa mga lamesang may upuan) at isinasagawa ang pagdistansya sa kapwa, ilimita sa 100 indibidwal para sa mga panlabas na espasyo (hal., mga venue para sa pagtatanghal sa labas) ang mga pagtitipon ng mga miyembro na hindi magkakasama sa isang sambahayan

-Inirerekomendang patnubay-



Maging Ligtas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Iatas sa lahat ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha

- Sa anumang espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig para sa lahat ng indibidwal na may edad 2 pataas (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Hindi kinakailangan ng mga aktor at/o magtatanghal ang mga pantakip sa mukha kapag nagsho-show, pero dapat nila itong isuot sa panahon ng mga aktibidad na wala sa stage (hal., mga break, nasa back-stage)
- Hindi kinakailangan ang mga pantakip sa mukha habang nakaupong kumakain o umiinom ang mga dumadalo
- Ipagbawal ang pagpasok ng sinumang taong tumatangging magsuot ng pantakip sa mukha; kung mayroon, maaaring magbigay ng mga mask pagpasok
- Maglagay ng mga pisikal na harang (hal., Plexiglas) sa mga lugar na puntahan ng mga tao at madalas ang malapit na pakikisalamuha (hal., box office)
- Kung naaangkop, isaalang-alang ang paggamit ng Plexiglass sa pagitan ng mga bokalista at/o mga instrumentong hinihipan

-Inirerekomendang patnubay-



Maging Ligas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga mabubuting pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Kung maaari, magbigay ng sanitizer sa kamay sa mga pasukan at labasan

- Maglagay ng (mga) istasyon para sa pag-sanitize kahit man lang sa pasukan ng (mga) teatro at mga common area ng backstage; kung maaari, maglagay ng mas maraming magagamit na istasyon sa buong venue
- Sanayin ang lahat ng tauhan tungkol sa mga bagong patakaran at proseso sa paglilinis bago magbukas
- Ipaalam ang mga bagong proseso ng pagpapatakbo sa mga tauhan at publiko
- Ilatas sa lahat ng empleyado na maghugas ng mga kamay, o gumamit ng sanitizer, kada 60 minuto at matapos ang ilang tiyak na aktibidad (hal., pagbahing, paghawak sa kanilang mukha, pagsinga)

-Inirerekomendang patnubay-

Maging Ligtas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Iatas ang mga pagsusuri sa kalusugan sa pagpasok

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na magsagawa ng sariling mga pagtukoy ng mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon silang mga sintomas (kung maaari, magbigay ng palatanungan sa panahon ng pagbili ng tiket)
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili (hal., palatanungan – tingnan ang appendix) para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19
- Hindi dapat mag-ulat, o hayaang manatili, sa trabaho ang mga empleyado kung may sintomas sila o kapag nag-ulat sila ng pakiramdam na may sakit

Subaybayan ang pagpasok/paglabas at tiyakin ang pagdistansya sa kapwa

- Subaybayan ang pasukan/labasan para maayos ang daloy ng trapiko
- Iwanang bukas ang mga pintuan kung maaari sa oras ng pagpasok/paglabas, o iatas sa mga usher na buksan at isarado ang mga pintuan kapag kailangan
- Hikayatin ang pagkakaroon ng seguridad sa labas para idirekta ang mga tao patungo sa mga pasukan at labasan para mabawasan ang pakikisalamuha
- Pagkatapos pumasok at bumili ng tiket/pagkain, hikayatin ang mga indibidwal na diretsong pumunta sa mga upuan para maiwasan ang pagsama-sama sa mga common area
- Ipagbawal sa (mga) teatro ang pagpasok ng karagdagang tao kung puno na ang kapasidad o hindi na posible ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan

-Inirerekomendang patnubay-



Maging Ligas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga ligas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Mga
pamantayan
sa paglilinis

Madalas na linisin ang mga upuan at mga lugar na madalas daanan at puntahan

- Linisin ang buong mga teatro sa pagitan ng mga palabas at sa katapusan ng araw (hal., mga upuan, railing, patungan ng braso)
- Dalasan ang paglilinis sa mga pampublikong lugar, nang nakatuon sa mga patungan at gamit na madalas hawakan (hal., mga hawakan ng pintuan, itaas ng counter, pampublikong banyo, switch ng ilaw, mikropono) at mga lugar na madalas daanan (hal., mga banyo)



Nakikitang
patnubay

Maglagay ng mga palatandaan sa anumang pasukan at labasan at anumang iba pang lugar na ginagamit ng lahat na madalas daanan

- Maglagay ng nakikitang patnubay para isulong ang pagdistansya sa kapwa, paghuhugas ng mga kamay, pagsuot ng pantakip sa mukha, at pagbati sa isa't isa nang walang pisikal na pakikisalamuha
- Maglagay ng nakikitang patnubay para idirekta ang pagdaloy ng trapiko
- Kung saan maaari, bago ang pagdating sa venue, magbigay ng mga impormasyon sa mga bisita (hal., mga kinakailangan na pagdistansya sa kapwa at PPE) sa pamamagitan ng mga social media channel, ticketing software, atbp.

-Inirerekomendang patnubay-

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga ligas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Ayusin ang pagkaayos ng mga upuan para matiyak ang pagdistansya sa kapwa

- Baguhin ang pasasaayos ng mga upuan para magkaroon ng 6 na talampakang distansya (maaaring kabilang ang pagharang sa mga hanay sa mga lugar na hindi nagagalaw ang mga upuan)
- Mag-atas ng nakikitang marka sa mga upuan para makita ang layo na 6 na talampakan mula sa isa't isa, pati na rin mga palatandaang nagsasabi ng pinakamaraming dami ng taong pinapahintulutan sa bawat hanay
- Pag-isipang tanggalin, huwag gamitin, o ilayo sa isa't isa ang mga muwebles sa mga masikip na lugar pati na sa lobby at mga lounge ng backstage
- Gamitin ang lahat ng pasukan at labasan upang mapamahalaan ang paglabas at pagpasok ng mga tao at bawasan ang mga pakikisalamuha (kung naaangkop)
- Kung naaangkop, bawasan ang pangkalahatang admission na kuwarto na walang upuan; kailangang mga nakaupo ang lahat ng dadalo
- Sa mga shared space (hal., mga kuwarto para sa pagpapahinga, back stage) tiyakin na hindi ibinabahagi ng mga indibidwal ang kanilang mga gamit sa iba, bawasan ang paggamit ng mga shared na locker, cubby, atbp.

Maging Ligtas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Mga flexible
na modelo**



**Katatagan ng
operasyon**

Bumuo ng mga modelo ng trabaho na flexible para sa mga tauhan

- Tiyakin na ang mga empleyado na kayang magtrabaho mula sa tahanan ay patuloy na magtrabaho mula roon (hal., mga empleyado ng admin)
- Bawasan ang pagsasabay-sabay ng mga shift ng empleyado

Pag-isipan ang mga paraan upang makontrol ang pagpasok, paglabas, at mauupuan

- Kung maaari, hikayatin ang mga dadalo na pumili ng kanilang mauupuan bago ang pagdating sa teatro, na may opsyon na i-block ang mga hanay o upuan sa pagitan ng mga grupo
- Magmungkahi ng mga oras para sa pagdating ng mga dadalo sa teatro upang masubaybayan ang pagpasok
- Iba't ibang oras ng pagsisimula ng palabas/pagtatanghal para sa mga venue na may maraming teatro at alisin ang intermission upang mabawasan ang pakikisalamuha sa mga lugar ng pagtitipon (hal., lobby at ticketing) at pagpasok/paglabas
- Kung saan maaari, gumamit ng mga touchless na pagti-ticket at playbill, walang contact na pagbabayad at pagrerehistro
- Kung saan maaari, gamitin ang mga outdoor na venue ng pagtatanghal

-Inirerekomendang patnubay-

Maging Ligas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Mga
alituntunin sa
pagbiyahe



Pagsusuri/
Pagsubaybay

Limitahan ang pagbiyahe ng mga tauhan

- Bawasan ang pagbiyahe ng mga tauhan sa iba't ibang venue para sa pagtatanghal sa iba't ibang lokasyon

Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyado na nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

-Inirerekomendang patnubay-





Talahulugan

Pagpupulong: Isang grupo ng mga indibidwal na hindi galing sa isang sambahayan na bahagi ng isang biglaan o planadong kaganapan at nakikisalamuha sa isa't isa nang higit sa sampung minuto

Paghuugas ng kamay: Ang kilos ng masinsinang paglinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Pagdistansya sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

PPE: Personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, face shields); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Maging Ligas. Mga Venue para sa Pagtatanghal

Mga Sanggunian sa Pampublikong Kalusugan



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Pangkalahatang patnubay sa lugar ng trabaho

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):*
<https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

Alituntunin para sa venue ng pagtatanghal

CDC – *Kaligtasan at Kalusugan sa Teatro:*
<https://blogs.cdc.gov/niosh-science-blog/2012/06/11/theater/>

Pahayag ng Pagtanggap

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

-Inirerekomendang patnubay-

